EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN

AFA / FCS / IA

Grade 5

Three-Term Budget Of Work (BOW)
for Learning Competencies

EDUKASYONG PANTAHANAN AT PANGKABUHAYAN
AFA / FCS / IA
Grade 4

Three-Term Budget Of Work
For Learning Competencies

First Term	
Performance Standard	Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, halamang-gulay, at punong-prutas.
Content Standard	Naipamamalas ang pang-unawa sa natural na pamamaraan nang pagtatanim, pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, at pagbebenta ng halamang ornamental, gulay, at punong-prutas.

Week	Learning Competency
1	**Agriculture and Fishery Arts** • Natatalakay ang kahulugan ng agrikultura, mga sangay nito sa paghahalaman. • Natatalakay ang mga pamamaraan ng pagtatanim ng halaman.
2	**Agriculture and Fishery Arts** • Nakikilala ang iba't-ibang alternatibong paraan ng paghahalaman. • Natatalakay ang mga kahalagahan at kabutihang dulot ng paghahalaman sa tao, hayop, at kalikasan o kapaligiran • Natatalakay ang mga batas, lokal na ordinansa, ahensya ng gobyerno at mga non-government organization (NGO), at serbisyong kanilang naibibigay ukol sa paghahalaman.
3	**Agriculture and Fishery Arts** • Nakikilala ang mga taong naging matagumpay sa paghahalaman sa komunidad at ang mga katangiang kanilang taglay.

	• Nakagagawa ng compost, organikong pataba, at natural na pestisidyo na magagamit sa paghahanda ng lupa at pangangalaga ng mga pananim.
4	**Agriculture and Fishery Arts** • Natatalakay ang mga salik na dapat isaalang-alang sa paghahalaman. • Naisasagawa ang pagtatanim ng piniling halaman sa natural na pamamaraan nang may pag-iingat.
5	**Agriculture and Fishery Arts** • Naipakikita ang mga paraan ng pangangalaga ng mga pananim (pre-care, during, post-care). • Naipakikita ang pagpaparami ng halaman sa paraang sekswal at asekswal.
6	**Agriculture and Fishery Arts** • Natutukoy ang mga palatandaan o indikasyon na dapat isaalang-alang sa pag-aani.
7	**Agriculture and Fishery Arts** • Naipakikita ang mga paraan ng pag-aani.
8	**Agriculture and Fishery Arts** • Naisasagawa ang mga paraan ng pag-aani, pag-iimbak at pangangalaga ng inaning tanim.
9	**Agriculture and Fishery Arts** • Naisasagawa nang wasto ang pagbebenta ng mga inani.
10	**Agriculture and Fishery Arts** • Naisasagawa ang pagtutuos ng kinita at tubo gamit ang manwal na pagkukwenta o electronic spreadsheet tool.
Suggested Activities	• **Mini Hardin Mula Pagpaplano hanggang Pagpapatubo** ○ Gagawa ang gma mag-aaral ng mini hardin gamit ang natural na paraan ng paghahalaman. Saklaw nito ang pagpaplano, paggawa ng organikong pataba, pagpili ng pamamaraan, pagtatanim, pag-aalaga, at pagdodokumento. • **Ani, Bentahan, at Kwenta ng Kita**

	○ Gagawa ang mga mag-aaral ng proseso mula pag-aani, pag-iimbak, pagbebenta, pagkukwenta ng tubo. Ito ay kabuuang karanasan mula tanim hanggang kita.

Second Term	
Performance Standard	Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang mga gawaing pantahanan nang may pag-iingat. Naisasagawa ng mag-aaral ang paglalapat ng mga paraan ng wastong pakikipag-ugnayan sa kapwa bilang tanda ng pagiging magalang.
Content Standard	• Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pag-aayos, pangangalaga sa sarili, angkop na pagkilos at pananamit sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata. • Naipapamalas ang pag-unawa sa mga tungkuling pantahanan.
1	**Family and Consumer Science** • Natutukoy ang mga pagbabagong pisikal. • Naipalliwanag ang mga kagamitan at consumables at gamit nito sa pangangalaga sa sarili.
2	**Family and Consumer Science** • Naisasagawa ang mga paraan sa pag-aayos at pangangalaga ng sarili.
3	**Family and Consumer Science** • Naipapakita ang tamang pagkilos sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata. • NAkapipili ng angkop na pananamit sa panahon ng pagdadalaga at pagbibinata.
4	**Family and Consumer Science** • Natutukoy ang mga kagamitan sa pagsasaing ng bigas.
5	**Family and Consumer Science** • Naisasagawa ang mga hakbang sa pagsasaing nang may pag-iingat.
6	**Family and Consumer Science** • Naisasagawa ang mga hakbang sa paghuhugas ng pinaglutuan at pinagkainan nang may pag-iingat.
7	**Family and Consumer Science**

	• Natutukoy ang mga kagamitan at consumable sa paglilinis ng tahanan. • Naipaliliwanag ang mga pamamaraanng pagliligpit ng mga kagamitan at consumable nang may pag-iingat.
8	**Family and Consumer Science** • Naisasagawa ang mga hakbang sa paglilinis ng tahanan at iba pang bahagi nito nang may pag-iingat.
9	**Family and Consumer Science** • Naisasagawa ang mga hakbang sa paglalaba nang may pag-iingat.
10	**Family and Consumer Science** • Natutukoy ang mga kagamitan sa pamamalantsa (conventional at makabagong pamamaraan). • Naisasagawa ang mga hakbang sa pamamalantsa nang may pag-iingat at gabay ng nakatatanda.

Suggested Activities	• **Collage ng aking Paglaki**
	  ○ Gagawa ang mga mag-aaral ng collage na nagpapakita ng mga pagbabagong pisikal sa pagdadalaga o pagbibinata.
	• **Istasyon ng Pangangalaga sa Sarili**
	  ○ Lilipat ang mga mag-aaral sa iba't-ibang istasyon upang kilalanin at gamitin ang mga gamit sa pangangalaga sa sarili tulad ng sipilyo, sabon, at suklay.
	• **Kilalanin ang Kagamitan sa Pagsasaing**
	  ○ Ipinapakita sa mga mag-aaral ang iba't-ibang kagamitan sa pagsasaing (conventional at moderno). Tinatawag nila ang pangalan at gamit ng bawat isa.
	• **Demo: Ligtas na Pagsasaing**
	  ○ Gagamit ng aktwal o larawan ng mga hakbang sa pagsasaing. Susundan ng mga mag-aaral ang tamang paraan habang pinahahalagahan ang pag-iingat.

Third Term	
Performance Standard	Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang pagguhit ng free-hand drawing, orthographic, at isometric drawing. Ang mga mag-aaral ay nakagagawa ng proyekto mula sa recyclable materials na maaaring pagkakitaan.
Content Standard	• Naipamamalas ang mga kaalaman sa mga kasangkapan at materyales sa pagbuo ng proyekto mula sa recyclable materials. • Naipamamalas ang kaalaman sa pagsusukat. • Naipamamalas ang pang-unawa sa basic sketching, outlining, and shading. • Naipamamalas ang pang-unawa sa pagsulat ng letra gamit ang mga lettering styles at pagguhit ng alphabet of lines. • Naipamamalas ang pang-unawa sa orthographic at isometric drawing. • Naipamamalas ang pang-unawa sa pagre-recycle at pagtutuos ng nabuong proyekto.
1	**Industrial Arts** • Nakikilala ang mga kasangkapan at materyales sa pagguhit. • Nakikilala ang mga kasangkapan at materyales sa pagbuo ng proyekto.
2	**Industrial Arts** • Naisasagawa ang kasanayan sa pagsusukat.
3	**Industrial Arts** • Naisasagawa ang hakbang sa pagguhit ng larawan gamit ang basic sketching, outlining, and shading.
4	**Industrial Arts** • Naisusulat ang mga letra gamit ang lettering styles. • Naiguguhit ang alphabet of lines.
5	**Industrial Arts**

	• Nakikilala ang orthographic views.
6	**Industrial Arts** • Naisasagawa ang orthographic drawing.
7	**Industrial Arts** • Naisasagawa ang pagguhit ng isometric drawing.
8	**Industrial Arts** • Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagre-recycle. • Nakagagawa ng plano ng proyekto.
9	**Industrial Arts** • Nakabubuo ng recycled projects nang may pag-iingat.
10	**Industrial Arts** • Natutuos ang gastos, presyo, at posibleng kita ng nabuong proyekto manually o gamit ang spreadsheet.

Suggested Activities	• **Show and Tell**
	  ○ Magdala ng isang kasangkapano materyales sa pagguhit (lapis, papel, tinta, brush, ruler, eraser). Ipakilala sa klase at ipaliwanag ang gamit nito.
	• **Art Materials Scavenger Hunt**
	  ○ Mag-set up ng scavenger hunt sa classroom o art corner. Tukuyin at kunin ng mga mag-aaral ang iba't-ibang kasangkapan at materyales sa pagguhit.
	• **From Plan to Profit**
	  ○ Gagawa ng proyekto mula sa recyclable materials gamit ang kaalaman sa orthographic at isometric drawing bilang gabay. Kasama sa proyekto ang pagpaplano, paggawa at pagkukwenta ng gastos at posibleng kita, na magpapakita ng pag-iingat at malikhaing paggamit ng mga materyales.